Travellers

African swine fever

Protektahan ang ating border (hangganan).

Ang African swine fever (ASF) [sakit mula sa Africa na lagnat ng baboy] ay papalapit na sa atin. Huwag magpasok ng karne at mga produktong-hayop sa Australya.

Ang African swine fever (ASF) ay isang lubhang nakahahawang sakit ng mga baboy na sanhi ng virus na mabilis na kumakalat at makasisira sa ating industriya ng baboy kung ito ay makapapasok sa Australya.

Ang ASF ay hindi mapanganib para sa kalusugan ng mga tao, o sa kaligtasan ng pagkain.

Ang sakit ay naikakalat sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga baboy na may impeksiyon, kontaminadong mga sasakyan, kagamitan o kasuotan, at sa pamamagitan ng pagpapakain sa mga baboy ng may impeksiyong swill o tira-tirang mga karne.

Mahalaga na huwag nating papasukin ang ASF sa Australya at kailangan namin ang inyong tulong. Gawin ang inyong makakaya upang protektahan ang Australya sa pamamagitan ng:

Pagiging isang responsableng manlalakbay.

Ang Australya ay mayroong istriktong mga paghihigpit sa kuwarentenas tungkol sa karne at mga produktong-hayop na pumapasok sa bansa.

- Huwag magpasok ng karne o mga produktong-hayop sa Australya.
- Ideklara ang lahat ng mga produktong tinitiyak sa inyong incoming passenger card (kard para sa papasok na pasahero).
- Kung kayo ay bumisita sa mga farm o nag-hiking (naglakad nang mahaba), kailangan din ninyong ideklara ito sa inyong pagpasok.

Kung hindi ninyo idedeklara ang mga bagay-bagay, gaya ng karne o mga produktong-hayop, kayo ay maaaring mamultahan.

Protektahan ang ating border laban sa ASF.

Kung ito ay tila kahina-hinala, tawagan kami sa 1800 798 636.

NORTHERN TERRITORY GOVERNMENT